

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa
(Administrative Policy and Procedure Manual)

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 1 ng 11

Talaan ng Nilalaman

- I. Layunin
- II. Mga Pahayag tungkol sa Patakaran
- III. Mga Paglalarawan
 - A. Panahon ng Pag-apply
 - B. Mga Kakaibang Kilos ng Pangongolekta
(Mga Extraordinary Collection Action o ECA)
 - C. Tulong-pinansyal
 - D. Panahon ng Pagbibigay-abiso
 - E. Buod na Gumagamit ng Simpleng Pananalita (Plain Language Summary)
 - F. Mga Makatwirang Pagsisikap
- IV. Mga Proseso
 - A. Mga Pakikipag-ugnayan sa mga Pasyente
 - B. Mga Pagsisikap sa Pagbibigay-tulong
 - C. Pagbibigay-abiso
 - D. Mga Pagsisikap sa Internal na Pangongolekta
 - E. Mga Bayaring Naka-itemize para sa Pasyente at/o Pamilya
 - F. Mga Plano sa Pagbabayad
 - G. Mga Pagkilos para sa Hindi Karaniwang Koleksyon
 - H. Mga Gawain sa External na Koleksyon
 - I. Apela
 - J. Mga Pagkalugi
 - K. Mga Probate Claim
 - L. Dokumentasyon at Pag-audit
 - M. Pagtukoy sa Bad Debt
- V. Mga Cross-Reference/Kaugnay na Patakaran

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 2 ng 12

I. Layunin

Nilalayon ng patakarang ito na tukuyin ang mga kilos na maaaring isagawa sa pangongolekta ng mga bayarin sa ospital para sa mga serbisyong ibinibigay sa aming mga pasyente (ang “Patakaran”). Inilalarawan din ng patakarang ito ang proseso at mga takdang panahon na pinagbabatayan sa mga pangongolektang ito, kasama na ang anumang makatwirang pagsisikap na alamin kung kuwalipikado ang isang indibidwal ayon sa Patakaran sa Tulong-pinansyal. Ipinapahayag ng Patakarang ito na ang Financial Counsel ang magkakaroon ng panghuling awtoridad at pananagutan upang pagpasyahan kung nakagawa na ng mga makatwirang pagsisikap para alamin kung kuwalipikado ang isang indibidwal ayon sa Patakaran sa Tulong-pinansyal. Ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa mga pasyente, miyembro ng pamilya o iba pang kinatawan ay dapat isagawa sa magalang na paraan at nang may pagsasaalang-alang sa privacy na kinakailangan para sa katayuang pinansyal ng bawat pasyente.

II. Mga Pahayag tungkol sa Patakaran

- A. Kinikilala at tinatanggap ng Ann & Robert H. Lurie Children’s Hospital of Chicago (ang “Ospital”) ang mga pangangailangang pinansyal ng mga pasyente at pamilya na walang kakayahang magbayad sa mga singiling nauugnay sa pangangalagang medikal na ibinibigay sa kanila.
- B. Ginagawa ng Ospital ang bawat pagsisikap na magkaroon ng kakayahang umangkop at makatugon sa mga indibidwal na sitwasyon. Kapital nito, inaasahang tutupad ang pasyente at mga pamilya sa kanilang mga obligasyong pinansyal hangga’t mayroon silang kakayahang pinansyal at makikipagtulungan sila alinsunod sa mga proseso ng Ospital, upang mapanatili ng Ospital ang kakayahan nitong makapagbigay ng pangangalaga para sa mga nasabing pasyente at pamilya na hindi gaanong mapalad ang sitwasyon sa buhay.
- C. Hindi gagawa ang Ospital ng mga Extraordinary Collection Action kung hindi pa ito nakagawa ng Makatwirang Pagsisikap na alamin kung kuwalipikado ang pasyente para sa Tulong-pinansyal ayon sa Financial Assistance Policy ng Ospital gaya ng inilalarawan sa Administrative Policies ng Ospital (ang “FAP”).

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children’s Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito (“Lurie Children’s”). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children’s para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 3 ng 12

- D. Upang mapamahalaan ang mga resource at responsibilidad nito at upang mapahintulutan ang Ospital na makapagbigay ng tulong sa pinakamaraming batang nangangailangan, itinataguyod ng Board of Trustees, sa pamamagitan ng Finance Committee, ang mga sumusunod na alituntunin para sa pangongolekta ng perang utang ng mga pasyente, magulang at/o mga guarantor.
- E. Sa Estado ng Illinois, batay sa mga resource na ginagamit upang maging kwalipikado ang mga pasyente para sa Medical na Tulong, tatasahin ng Department of Healthcare and Family Services (HFS) ang utang ng pamilyang nauugnay sa pagbibigay ng Medicaid. Pinananatili ng HFS ang inaasahan na pag-aambag ng mga tagatanggap sa kanilang pangangalaga sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga halaga ng co-pay na tinukoy bilang mga partikular na halaga para sa mga serbisyo o bilang kwalipikadong pagbabayad (Spend Down). Bagama't maaaring maging kwalipikado ang isang pamilya para sa gawad na Pinansyal na Tulong ng Ospital, sisingilin ang mga halagang ito sa pamilya nang naaayon sa mga inaasahan ng HFS. Kung pagkatapos ng pagsingil ay matutukoy na hindi kayang bayaran ng pamilya ang mga halagang ito, susuriin ang balanse ng utang ng pasyente para sa posibleng pagkakasama sa Programa ng Pinansyal na Tulong ng Ospital.

III. Mga Paglalarawan

- A. *Panahon ng Pag-apply*: Sa Panahon ng Pag-apply, tatanggap at magpoproseso ang Ospital ng aplikasyon para sa Tulong-pinansyal (ang "Aplikasyon"). Magsisimula ang Panahon ng Pag-apply sa petsa kung kailan ibibigay ang pangangalaga sa indibidwal at magwawakas ito sa ika-240 araw matapos ibigay ng Ospital sa pasyente ang unang billing statement para sa pangangalaga.
- B. *Mga Extraordinary Collection Action (ECA)*: Inilalarawan ang mga pangongolektang ito bilang ang mga nangangailangan ng legal o hudisyal na proseso at may kinalaman sa pagbebenta ng utang sa isa pang partido o pag-uulat ng negatibong impormasyon sa mga credit agency o bureau. Kasama sa mga kilos na nangangailangan ng legal o hudisyal na proseso para sa layuning ito ang 1) pagpataw ng lien; 2) pagremata sa real property; 3) pag-ugnay o pagsamsam ng mga bank account o iba pang personal na ari-arian; 4) paghahabla laban sa isang indibidwal; 5) paggawa ng mga kilos na naging sanhi para maaresto ang isang indibidwal; 6) paggawa ng mga kilos na naging sanhi para dakpin at

DISCLAIMER: Ginawa ang patakaranang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito ("Lurie Children's"). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children's para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 4 ng 12

dalhin sa korte ang isang indibidwal; at 7) pagkakaltas sa sahod.

- C. *Tulong-pinansyal*: Kuwalipikado para sa Tulong-pinansyal ang mga serbisyong kinakailangan para sa pagpapagamot na ibinibigay sa mga pasyenteng hindi kayang magbayad, na hindi kuwalipikado para sa mga pampublikong programa, at kung saan nakatanggap ang Ospital ng dokumentasyong pinansyal na nagpapahayag na hindi makakapagbayad ang pasyente para sa mga ibinibigay na serbisyo. Kasama na rito ang pangangalagang ibinibigay sa mga walang insurance na pasyenteng may mababang kita at sa mga pasyenteng may kaunting coverage ngunit hindi kayang bayaran ang ilan o lahat ng natitira sa kanilang mga bayarin sa pagpapagamot. Hindi kasama sa Tulong-pinansyal ang mga contractual allowance sa mga kumpanya ng insurance at iba pang third party na tagapagbayad.
- D. *Panahon ng Pagbibigay-abiso*: Inilalarawan ang Panahon ng Pagbibigay-abiso bilang panahon kung kailan dapat magsagawa ang Ospital ng Makatwirang Pagsisikap upang abisuhan ang pasyente tungkol sa FAP. Nagsisimula ang Panahon ng Pagbibigay-abiso sa unang petsa kung kailan ibinigay ang pangangalaga sa pasyente at nagwawakas sa ika-120 araw matapos ibigay ng Ospital sa pasyente ang unang billing statement.
- E. *Plain Language Summary*: Dapat ay kasama sa isang Plain Language Summary tungkol sa Tulong-pinansyal ng Ospital ang:
- i. Isang maikling paglalarawan sa mga kinakailangan para maging kuwalipikado at sa iniaalok na tulong;
 - ii. Isang listahan ng website o lokasyon sa kung saan makukuha ang mga Aplikasyon;
 - iii. Mga tagubilin tungkol sa kung paano makakuha ng kopya ng FAP at Aplikasyon sa pamamagitan ng koreo;
 - iv. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng isang taong tutulong sa proseso pati na rin ng iba pang organisasyong tinukoy ng Ospital na magbibigay ng tulong para sa mga Aplikasyon;
 - v. Pagkakaroon ng mga pagsasaling-wika; at
 - vi. Isang pahayag na walang pasyenteng kuwalipikado sa Tulong-pinansyal ang sisingilin ng mahigit sa average na gross na bayarin para sa mga serbisyong pang-emergency o kinakailangan para sa pagpapagamot.

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito ("Lurie Children's"). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children's para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 5 ng 12

- F. *Mga Makatwirang Pagsisikap*: Kinakailangang nakagawa na ang Ospital ng Makatwirang Pagsisikap hinggil sa pagbibigay ng abiso sa pasyente tungkol sa FAP kapag namahagi ang Ospital ng Plain Language Summary ng FAP sa pasyente at nag-alok ng Aplikasyon sa indibidwal bago mailabas sa Ospital. Bukod pa rito, kinakailangang nakagawa na ang Ospital ng Makatwirang Pagsisikap:
- i. Kapag nagsumite ang pasyente at/o pamilya ng di-kumpletong Aplikasyon, maaari lang kung ang Ospital ay: (a) magsususpende ng anumang ECA laban sa pasyente; (b) magbibigay ng nakasulat na abisong naglalarawan kung anong impormasyon o dokumentasyon ang kailangan at may kasamang Plain Language Summary ng FAP; at (c) magbibigay ng kahit isang nakasulat na paunawang nagbibigay-alam sa pasyente tungkol sa mga ECA na maaaring isagawa (o ituloy) kung hindi nakumpleto ang Aplikasyon o nakapagbayad sa loob ng takdang panahong tinutukoy sa nakasulat na paunawa, na dapat ay hindi iikli sa 30 araw mula sa petsa ng nakasulat na paunawa o sa huling araw ng Panahon ng Pag-apply.
 - ii. Kapag nagsumite ang pasyente at/o pamilya ng kumpletong Aplikasyon, maaari lang kung ang Ospital ay: (a) magsususpende ng anumang ECA laban sa pasyente; (b) gagawa at magdodokumento ng pagpapasya tungkol sa kung kuwalipikado ang pasyente para sa Tulong-pinansyal nang nasa oras; at (c) mag-aabiso sa pasyente nang nakasulat tungkol sa pagpapasya (kasama na, kung naaangkop, ang tulong kung saan kuwalipikado ang pasyente) at batayan ng pagpapasyang ito.
 - iii. Kapag napagpasyahan ang isang pasyente at/o pamilya bilang kuwalipikado para sa Tulong-pinansyal, maaari lang kung ang Ospital ay: (a) magbibigay sa pasyente ng billing statement na nagsasaad sa halaga ng utang matapos ibawas ang Tulong-pinansyal; (b) magre-refund ng anumang sobrang halagang ibinayad ng pasyente; at (c) magsasagawa sa lahat ng posibleng makatwirang hakbang upang mabawi ang anumang ECA (bukod sa pagbebenta ng utang) na ginawa laban sa pasyente.

IV. Mga Proseso

- A. *Mga Pagkikipag-ugnayan sa mga Pasyente*: Ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa mga pasyente at/o pamilya ay kabilangan ng numero ng telepono na matatawagan ng mga pasyente at pamilya upang mapasimulan ang resolusyon para sa isang account o lumutas ng di-pagkakasundo sa billing.

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito ("Lurie Children's"). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children's para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 6 ng 12

B. *Mga Pagsisikap sa Pagbibigay-tulong*: Kung sa anumang oras sa panahon ng pagpaparehistro ng pasyente o pagkatapos nito, mapagpasyahan na kailangan ng pamilya ng pasyente ng Tulong-pinansyal, maaaring tumulong ang Ospital sa mga sumusunod na paraan:

- i. Magbibigay ng tulong sa pasyente/pamilya na makapagkumpleto ng aplikasyon para sa MANG (Medical Assistance, No Grant);
- ii. Tutulong sa pasyente/pamilya na makapagkumpleto ng aplikasyon para sa AllKids;
- iii. Ire-refer ang pamilya sa Division of Specialized Care for Children (DSCC) ng Estado ng Illinois kung naaangkop ang diagnosis;
- iv. Mag-aalok ang Ospital ng Tulong-pinansyal batay sa isinadokumentong pangangailangan.
- v. Magpapasimula ng mga sliding scale arrangement at/o kasunduan sa pagbabayad sa paglipas ng panahon para sa mga ibinabawas, coinsurance, at anupamang ibang balanseng pananagutan ng pasyente.

C. *Pagbibigay-abiso*:

- i. Mamamahagi ang Ospital ng kopya ng Plain Language Summary at Aplikasyon sa pasyente at/o pamilya bago makalabas sa Ospital.
- ii. Ipapaalam ng Ospital sa pasyente at/o pamilya ang tungkol sa pagkakaroon ng Tulong-pinansyal sa lahat ng verbal na pakikipag-ugnayan sa Panahon ng Pagbibigay-abiso hinggil sa halagang dapat bayaran.

D. *Mga Pagsisikap sa Internal na Pangongolekta*:

- i. Bago habulin ng Ospital ang isang pasyente at/o pamilya para sa mga balanseng dapat bayaran, ang lahat ng third party kung saan may insurance ang pasyente ay dapat singilin, at gagawa ng follow up sa mga third party upang i-secure ang lahat ng naaangkop na pagbabayad ng third party.
- ii. Para sa anumang balanseng pananagutan ng pasyente at/o pamilya, karaniwang nagfa-follow up ang Ospital kada tatlung araw gaya ng nakatala sa ibaba:
 - a. Sa loob ng hindi iikli sa 120 araw matapos ang paglabas ng mga pasyenteng walang insurance; at
 - b. Sa loob ng 120 araw matapos ang huling pag-dispose ng insurance para

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito ("Lurie Children's"). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children's para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 7 ng 12

- sa mga pasyenteng may mga benepisyong insurance.
 - c. Kung hindi matutukoy ng Ospital ang utang ng pamilya sa isang account sa loob ng mahigit dalawang taon, hindi pananagutin ng Ospital ang pamilya para sa anumang utang na \$1500 o mas mababa. Kung mahigit \$1500 ang balanse, susuriin ng Pamunuan ang account para sa panghuling pagpapasya sa resolusyon sa account.
 - iii. Sa lahat ng sitwasyon, may Tulong-pinansyal pa rin para sa isang pasyente at/o pamilya habang sinisingil ng Ospital ang mga balanseng dapat bayaran ng pasyente at/o pamilya. Walang gagawing ECA sa panahon ng pag-follow up. May kasamang kahit apat na hiwalay na paunawa ang pag-follow up ng Ospital na magpapaalala sa pasyente/pamilya tungkol sa mga balanseng dapat bayaran na kanilang pananagutan. Ang pinakamaagang panahon na maaaring i-refer ang isang account sa isang nangongolektang ahensya ay pagkatapos ng Panahon ng Pagbibigay-abiso.
 - iv. Para sa mga claim kung saan ang tanging balanse sa claim ay ang co-payment sa Medicaid, susuriin ng Ospital ang mga claim na ito bago ang pangatlong statement kung walang natanggap na pagbabayad. Kung kabilang ang kita ng pamilya sa mga parameter ng Pinansyal na Tulong ng Ospital para sa 100% tulong, ipagpapalagay na kwalipikado ang account para sa pinansyal na tulong at isasaalang-alang ang hindi nabayaranang co-payment para sa paggawad ng tulong. Kung spend down ang utang, isasailalim ang account sa proseso ng pinansyal na tulong upang matukoy kung kwalipikado ito.
- E. *Mga Bayaring Naka-itemize sa Pasyente at/o Pamilya:* Aabisuhan ng Ospital ang bawat pasyente at pamilya tungkol sa kanyang karapatang makatanggap ng naka-itemize na bill kung hihilingin.
- F. *Mga Plano para sa Pagbabayad (Payment Plan):* Maaaring mag-alok ang Ospital ng mga payment plan arrangement matapos tanggihan ng mga pasyente at pamilya ang pagbabayad nang buo. Magkakaroon ng talakayan kasama ang pasyente at/o pamilya tungkol sa diskarte sa mga resolusyon sa account. Isasama ang mga bagong account sa mga kasalukuyang payment plan at susuriin kung makatwiran ang mga magreresultang

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito ("Lurie Children's"). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children's para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 8 ng 12

pagbabayad buwan-buwan.

- G. *Mga Extraordinary Collection Action:* Hindi gagawa ang Ospital ng mga ECA kung hindi pa ito nakagawa ng mga Makatwirang Pagsisikap upang pagpasyahan kung kuwalipikado ang pasyente para sa Tulong-pinansyal.
- H. *Mga Pagsisikap sa External na Pangongolekta:* Kapag tapos na ang Panahon ng Pagbibigay-abiso at kung may matirang balanseng hindi pa nababayaran kung saan walang magagamit na payment plan, maaaring italaga ng Ospital ang balanse sa isa sa mga nangongolektang ahensya kung kanino ito nakikipagkontrata. Alinsunod sa mga tuntunin sa kanilang mga kontrata, dapat mag-operate ang mga nangongolektang ahensya ayon sa FAP ng Ospital at sa Patakarang ito. Kinakailangang makipag-ugnayan ang mga nangongolektang ahensya sa mga pasyente at pamilya sa magalang at maayos na paraan. Kahit na naitalaga na ang mga balanse para sa pangongolekta, patuloy na magkakaroon ng Tulong-pinansyal para sa mga makukuwalipikang pamilya na hindi nakapagkumpleto dati sa mga kinakailangang kasulatan upang makumpirma ang kanilang pagiging kuwalipikado. Kung magsusumite ang isang indibidwal ng Aplikasyon sa Panahon ng Pag-apply, kung kumpleto man ito o hindi, sususpendihin ng nangongolektang ahensya ang anumang ECA laban sa indibidwal. Hindi maaaring magsagawa ng legal na kilos ang isang kinontratang nangongolektang ahensya, maliban na lang kung aprubado ang nasabing kilos nang nakasulat ng Vice President of the Revenue Cycle. Dagdag pa rito, limitado ang anumang aprubadong legal na kilos para sa pagkakaltas ng sahod. Walang sitwasyon na magbibigay-daan sa Ospital na mag-apruba o magkondena ng paghahain ng lien laban sa mga asset o ng pagdakip at pagdala sa korte.
- I. *Pag-apela:* Pahahabain ang panahon ng pangongolekta kung ang pasyente at/o pamilya ay may nakabinbing Aplikasyon o pag-apela para sa Tulong-pinansyal o third party na coverage (hal., Medicaid o Illinois Comprehensive Insurance Program) hanggang sa makagawa ng panghuling pagpapasya. Dapat gumawa ang pasyente at/o pamilya ng mga makatwirang pagsisikap na makipag-ugnayan sa Ospital tungkol sa progreso ng anumang nakabinbing pag-apela. Kasama sa “nakabinbing pag-apela” ang alinman sa mga sumusunod:
- i. Karaingan laban sa isang kinontratang plan o taga-insure ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan;

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito (“Lurie Children’s”). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children’s para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuon ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 9 ng 12

- ii. Isang independiyenteng pagsusuring medikal; at
- iii. Isang patas na pagdinig para sa pagsusuri ng claim sa Medicaid.

J. *Mga pagkalugi:*

- i. Ang Ospital ay:
 - a. Susunod sa mga regulasyon sa pagkalugi patungkol sa paghahain ng claim laban sa isang pasyente at/o pamilya na naghain ng pagkalugi;
 - b. Susuri sa posibilidad na makabawi mula sa estado ng pagkalugi upang alamin kung itutuloy ng Ospital ang pagbawi mula sa estado ng pagkalugi sa pamamagitan ng paghahain ng claim o pag-write-off sa balanse; at
 - c. Kung naaangkop, titiyakin na ang mga balanseng napag-alamang nasasaklawan ng batas tungkol sa pagkalugi ay angkop na in-adjust at hindi siningil sa pasyente at/o pamilya.
- ii. Kung naalisan ng utang ang isang taong may utang, tatanggalan ng Ospital ang pasyente at/o pamilya ng sagutin para sa mga bayaring hindi saklaw ng mga third party na tagapagbayad at naipon bago ang idineklara sa korte na petsa ng pagkabisa ng pagkalugi. Ang mga bayaring naipon matapos ang petsa ng pagkabisa ng pagkalugi ay hindi ituturing na bahagi ng adjustment para sa pagkalugi.

K. *Mga Probate na Claim:* Maaaring maghain ang Ospital ng mga claim upang matugunan ang mga nakabinbing balanse ng account sa panahon ng legal na pagpapatupad ng mga estado.

L. *Pagsasadokumento at Pag-audit:* Ang Patient Financial Services Department (ang “Departamento”) ng Ospital ay magkakaroon ng pananagutan para sa pagpapanatili ng mga talaang may kinalaman sa mga kahilingan para sa Tulong-pinansyal. Ang Vice President of the Revenue Cycle ang magkakaroon ng panghuling awtoridad at pananagutan para sa pag-alam kung nakagawa na ang Ospital ng mga Makatwirang Pagsisikap upang pagpasyahan kung kuwalipikado ang isang pasyente ayon sa FAP.

- i. Magpapanatili ang Departamento ng mga nao-audit na talaan sa accounting ng pasyente, at susubaybayan nito ang mga aktibidad ng pag-credit at

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito (“Lurie Children's”). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children's para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 10 ng 12

- ii. pangongolekta na isinasagawa alinsunod sa Patakarang ito.
- ii. Bago dalhin ang account sa bad debt, sisiguruhin ng Ospital na nakagawa na ng mga Makatwirang Pagsisikap na suriin ang pagiging kuwalipikado ng pasyente para sa Tulong-pinansyal.
- iii. Magpapanatili ang Departamento ng mga kopya ng mga paunawa sa mga pasyente tungkol sa kanilang pagiging kuwalipikado para sa Tulong-pinansyal.

M. Pagpapasya tungkol sa Bad Debt:

- i. Matapos mabigo ang mga makatwirang pagsisikap sa pangongolekta na makakuha ng bayad para sa mga singilin sa isang account at makagawa na ng mga makatwirang pagsisikap na ipaalam sa pasyente at/o pamilya ang tungkol sa pagkakaroon ng Tulong-pinansyal, maaaring iklasipika ang balanse sa account bilang bad debt.
- ii. Nire-refer ng Ospital ang lahat ng uring pinansyal na binabayaranang mag-isa (hal., self pay, balanse pagkatapos ng insurance, at balanse pagkatapos ng Medicare) sa bad debt gamit ang kaparehong pamantayan sa pagkuwalipika at mga proseso ng paglilipat ng bad debt.
- iii. Mga Kinakailangang Panregulatoryo: Sa pagpapatupad sa Patakarang ito, susunod ang Ospital sa lahat ng iba pang pederal, pang-estado at lokal na batas, at panuntunan at regulasyon na maaaring malapat sa mga aktibidad na ginagawa alinsunod sa Patakarang ito.

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito ("Lurie Children's"). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children's para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.

Manual tungkol sa Patakaran at Proseso ng Pangangasiwa

Mga Pangongolekta
Saklaw: Pambuong ospital

Petsa ng Pagkabisa: Agosto 22, 2013
Rebisyon: Mayo 14, 2020
Pahina 11 ng 12

V. Mga Cross-Reference/Kaugnay na Patakaran

Patakaran sa Pangangasiwa: Tulong-pinansyal

DISCLAIMER: Ginawa ang patakarang ito para lang magamit ng Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago at ng mga kaalyansa nito ("Lurie Children's"). Ang impormasyong nakalagay rito ay hindi dapat gamiting batayan ng mga indibidwal o entidad sa labas ng Lurie Children's para sa pagiging tumpak, nasa oras, o anupamang ibang layunin.